Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PAARALANG ELEMENTARYA NG CALLIOS NOONG IKA- 3 NG MAYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-8:35 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .......... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ........... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ........... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .......... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ........ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ...... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Edgardo T. Porca ........... Kagawad
nasa lakad opisyal

## KAPASIYAHAN BLG. 200-T'2000

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 07-T'2000 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) NA NAGSUSUSOG NG HALAGANG P917,814.45 MULA SA SURPLUS NG 20% PONDONG PANGKAUNLARAN NG TAONG 1999 PARA SA COMMUNITY MOBILIZATION AND PARTICIPATION FOR CLEAN AND GREEN PROJECT; HALAGANG P50,000.00 PARA SA DRUG ABUSE PREVENTION AND REHABILITATION AT HALAGANG P200,000.00 PARA SA CLEAN AND GREEN PROGRAM.

SAPAGKA'T, nagkaroon ng pagsasaayos sa pondong nakalaan sa taong ito para sa programa at proyekto mula sa surplus ng 20% pondong pangkaunlaran at nangangailangan ng dagliang pagpapatupad;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 07-T'2000 ng Municipal Development Council (MDC) na nagsususog sa mga laang gugulin mula sa surplus ng 20% pondong pangkaunlaran upang ilaan sa taong ito, ayon sa mga sumusunod:

1. Community Mobilization and participation for clean and Green Project.... dating P517,814.45 ay gawing P917,814.45
2. Drug Abuse Prevention and Rehabilitation ........ dating P150,000.00 ay gawing P50,000.00
3. Clean and Green Program - dating P300,000.00 ay gawing P200,000.00

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Pambayang Tagatuos at Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.